

## Pagkapribado

Department of Health, Disability and Ageing [Ang Kagawaran ng Kalusugan, Kapansanan at Pagtanda] (Kagawaran) ay nangangasiwa sa sistemang pangangalaga sa matatanda na pinopondohan ng Pamahalaan ng Australia, kabilang ang serbisyong My Aged Care.

Nagbibigay ang My Aged Care ng impormasyon at suporta tungkol sa sistema ng pangangalaga ng matatanda. Kasama rito ang mga sumusunod:

- ang contact centre – telepono 1800 200 422 (ang 'Contact Centre');
- ang website ng My Aged Care - [myagedcare.gov.au](http://myagedcare.gov.au) (the 'Website');
- ang mga espesyalista sa pangangalaga sa matatanda sa Services Australia.

Ipinaliliwanag nitong polisiya sa pagkapribado kung paano pinangangasiwaan ang personal na impormasyon na gamit sa paghahatid ng serbisyo ng My Aged Care.

Nakatuon kami sa pagprotekta ng iyong pagkapribado, saayon sa *Privacy Act 1988* [Batas ng Pagkapribado 1988] at ng Australian Privacy Principles (**APPs**) [Mga Prinsipyo ng Pagkapribado sa Australya].

### Bakit kami kumokolekta ng personal na impormasyon

Kami ay kumokolekta ng personal na impormasyon upang mapadali ang pag-access sa mga pinondohang serbisyong aged care at magsagawa ng mga tungkulin sa ilalim ng batas sa pangangalaga sa matatanda. Maaaring kabilang dito ang pagkolekta ng personal na impormasyon para:

- tumugon sa mga katanungan tungkol sa aged care, lumikha ng mga rekord ng My Aged Care at magbigay ng mga Aged Care ID para sa mga matatanda at kanilang mga tagasuporta.
- magparehistro ng mga tagasuporta at pamahalaan ang mga rehistrasyon ng mga tagasuporta
- tumanggap ng mga aplikasyon at tukuyin ang pagiging karapat-dapat para sa mga pinondohang serbisyong aged care
- kumpletuhin ang mga pagsusuri patungkol sa mga pangangailangang aged care
- gumawa ng mga referral sa mga tagapagbigay ng aged care
- tukuyin ang iyong prayoridad para sa mga serbisyong aged care
- magbigay ng access sa My Aged Care Online Account (na makukuha via myGov).
- pamahalaan ang mga reklamo at feedback

- sa pagpapahusay ng serbisyo.

Sa pangkalahatan, ang pagkolekta ng personal na impormasyon ay pinahihintulutan sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*.

Para sa mga detalye tungkol sa mga impormasyong kinokolekta namin kapag ginagamit ang aming website, mangyaring tingnan ang aming [pahayag ng pagkapribado](#).

### Kung paano kami kumokolekta ng personal na impormasyon

Kumokolekta kami ng impormasyon mula sa iyo kapag nakikipag-ugnayan ka sa amin sa pamamagitan ng My Aged Care sa mga sumusunod na paraan:

- bumibisita ka sa isang [sentrong serbisyo ng Services Australia](#)
- tumatawag, nagi-email o naglililham ka ng impormasyon sa amin
- nakikipag-usap ka sa amin online, kabilang kung ikaw ay nagsusumite ng isang referral o application form o naga-access ng iyong Online Account.

Nangongolekta rin kami ng impormasyon mula sa iyo sa pamamagitan ng isang grupo ng tagasuri, kapag ikaw ay ininterbyu ng isang tagasuri tungkol sa mga serbisyong kailangan mo o ng ibang tao.

Maaari din kaming mag-survey sa iyo tungkol sa iyong karanasan sa My Aged Care.

### Mga kinokolekta mula sa ibang tao

Kukolekta kami ng impormasyon sa iyo mula sa ibang tao:

- nang may pahintulot mo, kabilang ang impormasyon mula sa isang tagasuporta
- kung awtorisado sa ilalim ng batas, halimbawa mula sa isang aktibo at inatasang tagagawa ng desisyon
- sa mga sangguning gawa ng mga GP, mga aged care provider o ibang mga propesyonal pangkalusugan.

Kung ikaw ay isang tagasuporta, maaari rin kaming kumolekta ng iyong personal na impormasyon mula sa:

- taong sinusuportahan mo
- ibang tao o mga kinatawang may impormasyon tungkol sa iyong kapasidad o kaangkupang maging isang tagasuporta.

Kukolekta rin kami ng personal na impormasyon kung pinili mong ipaalam sa Departamento ang pagkamatay ng isang tao sa pamamagitan ng Australian Death Notification Service [Serbisyong Pag-aabiso ng Kamatayan sa Australya]. Maaari mong tingnan ang [paunawa sa pagkapribado](#) para sa serbisyong iyon dito, o maaari mong bisitahin ang Australian Death Notification Service [website](#).

## Anu-anong klase ng personal na impormasyon ang aming kinukolekta at hinahawakan?

Kumokolekta kami ng personal na impormasyon tungkol sa iba't ibang tao.

### *Mga matatandang naghahanap ng access sa aged care*

Kinukolekta namin ang iyong:

- pangalan
- petsa ng kapanganakan
- mga detalye sa pagkontak (tirahan, email, telepono)
- impormasyong demograpiko (halimbawa, kasarian)
- mga pantukoy (hal. Medicare, healthcare, aged care ID)
- mga aplikasyon, pahintulot at tagasuporta.

Maaari rin kaming kumolekta ng sensitibong impormasyon tungkol sa iyong kalusugan, kapansanan, lahi at oryentasyong sekswal.

### *Mga tagasuporta at mga taong nagre-refer*

Kinukolekta namin ang iyong:

- pangalan
- petsa ng kapanganakan
- kasarian
- mga detalye sa pagkontak (tirahan, email, telepono)
- relasyon sa sa taong nakatatanda
- mga aksyon (halimbawa ay paggawa ng referral o isang aplikasyon bilang isang tagasuporta).

Para sa mga tagasuporta at mga aktibong itinalagang mga tagagawa ng desisyon, maaari ring kolektahin namin ang:

- impormasyon tungkol sa iyong relasyon sa kinauukulang nakatatanda
- ang iyong kaangkupan o ligal na kapasidad na maging isang tagasuporta
- ang iyong ligal na kapasidad na umakto sa ngalan ng kinauukulang nakatatanda.

### *Mga Aged Care Provider na sole trader*

- pangalan
- mga detalye sa pagkontak (tirahan, email, telepono)

## Kailangan mo bang ipakilala ang iyong sarili?

Kung kokontakin mo kami, maaari mong piliing hindi magpakilala o gumamit ng aliyas.

Halimbawa, kung tatawag ka sa Contact Centre para magtanong, maaari mong sabihin sa Customer Support Specialist na hindi mo nais ibigay ang iyong pangalan. Gayunpaman, kung hindi mo ibibigay ang pangalan mo at mga personal na detalye, pangkalahatang impormasyon lamang tungkol sa aged care ang aming maibabahagi sa iyo. Hindi kami makapagbibigay sa iyo ng ibang mga serbisyo, hal. ay iparehistro ka para sa My Aged Care o suriin ang iyong pangangailangan para sa mga pinondohang serbisyong aged care.

## Paano namin ginagamit o idini-disclose ang personal na impormasyon?

Aming gagamitin o idi-disclose ang iyong personal na impormasyon para sa layunin noong kinulekta namin ito (hal. para mapadali ang pag-access sa mga pinondohang serbisyong aged care). Maaaring kabilang dito ang:

- pagkontak sa iyo at pagpapadala sa iyo ng impormasyon
- paglikha at pagbigay sa iyo ng access sa iyong My Aged Care Online Account (via myGov)
- pag-check sa iyong pagiging karapat-dapat para sa aged care
- pag-aayos para masuri ng isang assessor ang iyong pangangailangan para sa mga serbisyo
- pag-apruba sa iyo para sa mga serbisyong aged care
- pagre-refer sa iyo sa ibang tao o organisasyon para tumulong (hal. ang Aged Care Quality and Safety Commission [Komisyon para sa Kalidad at Kaligtasan ng Pangangalaga sa Matatanda] kung ikaw ay may agam-agam tungkol sa mga serbisyong aged care)
- pagbahagi ng impormasyon sa Services Australia upang maisagawa ang paghahatid ng mga serbisyong aged care, kabilang ang pagbayad sa mga tagapagbigay-serbisyo at pamamahala ng mga budget ng mga kliyente ng aged care.

Kung ikaw ay isang tagasuporta, maaari naming gamitin at i-disclose ang iyong personal na impormasyon para sa iba-ibang mga layunin, katulad ng:

- pag-check ng iyong kaangkupang umakto bilang isang tagasuporta sa ilalim ng Aged Care Act
- pamahalaan ang iyong rehistrasyon bilang isang tagasuporta ng isang nakatatanda, kabilang ang pag-check sa iyong kapasidad at kaangkupang maging isang tagasuporta, at magparehistro, at magsuspende at magkansela ng mga rehistrasyon kung kailangan.

Maaari din naming gamitin at i-disclose ang iyong personal na impormasyon:

- nang may pahintulot mo
- para sa pagpapabuti ng serbisyo (hal. upang hingin ang iyong puna o opinyon)

- kung saan pinahihintulutan sa ilalim ng Aged Care Act.

### *Kanino namin ibinabahagi ang personal na impormasyon*

Maaari naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa:

- mga tagasuporta at mga aktibong itinalagang mga tagagawa ng desisyon
- mga tagasuri
- mga tagapagbigay-serbisyo sa aged care
- mga serbisyo sa pangangalaga sa matatanda sa tahanan
- Services Australia
- Aged Care Quality and Safety Commission
- Department of Veterans' Affairs [Departamento ng mga Gawaing Pang-Beterano]
- National Disability Insurance Agency [Pambansang Ahensiya ng Seguro para sa mga may Kapansanan]
- mga ospital o mga propesyonal pangkalusugan
- mga ahensiyang nagpapatupad ng batas at mga tauhan nila
- Mga ahensya ng Commonwealth, estado at teritoryong responsable sa mga kaayusan sa ligal na kinatawan (samakatwid, mga itinalagang tagapagpasya)

Pahihintulutan namin ang iyong mga tagasuporta na ma-access ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng kanilang My Aged Care Online Account nang may pahintulot mo, o kung awtorisado ng batas.

### *My Health Record [Ang aking talaan ng kalusugan]*

Kung may pahintulot mo, isasama namin ang iyong impormasyon sa iyong My Health Record. Kapag naisama, makikita ng mga health professional ang iyong impormasyon sa iyong My Health Record. Maaari mong ilimita kung anong mga dokumento ang maaaring ma-access ng mga health professional. Maaari mong bawiin ang iyong pahintulot na ma-access ng mga health professional ang iyong impormasyon anumang oras.

### *Ipadadala ba namin ang iyong personal na impormasyon sa ibayong dagat?*

Sa pangkalahatan, idi-disclose lang namin ang iyong personal na impormasyon sa mga taga-ibayong dagat kung ikaw, ang iyong tagasuporta, o ibang tagasuporta ng isang kliyentang sinusuportahan mo ay nasa ibayong dagat tuwing: nag-a-access ng iyong impormasyon sa pamamagitan ng My Aged Care Online Account, tumatawag sa amin upang pag-usapan ang iyong mga serbisyong aged care, o tumatanggap ng impormasyon mula sa amin sa pamamagitan ng email o SMS. Maaari din naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa isang ahensya sa ibang bansa kung alinsunod sa batas ng Australia o utos ng hukuman, o kung pinahihintulutan sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*.

### *Paano namin itinatago ang personal na impormasyon?*

Kapag ikaw ay nagparehistro sa My Aged Care, lumilikha kami ng isang 'personal na rekord' para sa iyo at binibigyan ka ng natatanging Aged Care ID. Itinatago namin lahat ng impormasyong

aming kinolekta tungkol sa iyong aged care sa iyong personal na rekord na ligtas na nakatago sa mga data server sa Australya alinsunod sa Privacy Act [Batas sa Pagkapribado]. Sinisiguro ng mga sistem na ito na ang iyong impormasyon ay mananatiling tama, kumpidensyal, at ma-access lamang ng awtorisadong mga tao kasangkot sa iyong pangangalaga, o sa pamamahala ng iyong mga rekord.

Gumagamit kami ng isang hanay ng mga pisikal at elektronikong mga hakbang panseguridad upang protektahan ang iyong personal na impormasyon mula sa maling paggamit at sa pagkawala, at mula sa hindi awtorisadong pag-access, pagbago at pagbubunyag.

Ang mga sumusunod ay isang maikling buod ng mga kasalukuyang paggawa at pamamaraan sa pag-iimbak upang mapanatiling ligtas ang mga datos:

- Hinihiling namin sa mga taong kumokontak sa My Aged Care o nag-a-access ng impormasyong elektroniko sa pamamagitan ng kanilang Online Account (accessed via MyGov) na kumpletuhin ang mga prosesong pagpapatunay sa kanilang identidad at magbibigay-papahintulot.
- Aming hinihigpitan ang pisikal na access sa mga opisina at gumagamit kami ng mga hakbang sa seguridad ng sistema kabilang ang mga lalagyan, firewall, ligtas na mga database, ligtas na mga sistemang pang-online payment, mga identifier at password ng mga gumagamit ng computer.
- Mga awtorisadong taong nangangailan ng impormasyon lamang ang pinapahintulutang mag-access ng mga impormasyong hawak namin.
- Regular naming ina-update at ino-audit ang aming mga sistema sa pag-tago at paninigurong ligtas ang mga datos.
- Ang aming mga kontrata sa mga third party ay nag-aatas sa kanilang sumunod sa mga privacy requirement na naaangkop sa departamento namin.

### Paano ninyo maa-access at maitatama ang iyong personal na impormasyon?

Mahalagang ang iyong personal na impormasyon ay tama, napapanahon at kompleto.

May karapatan kang humingi ng access sa iyong personal na impormasyon at hilingin ang pagtama nito.

Maaaring ikaw mismo ang mag-access at magtama ng iyong personal na impormasyon gamit ang iyong My Aged Care Online Account. Maaari mo rin kaming Kontakin.

Dapat tukuyin ng iyong kahilingan ang impormasyong nais mong hingin o itama, at ibigay ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan, kabilang ang email address o tirahan para sa pagpapadala ng liham.

Kapag hiniling o alinsunod sa Privacy Act, bibigyan ka namin ng access sa iyong personal na impormasyon o gagawa kami ng makatwirang mga hakbang upang itama ang iyong personal na impormasyon upang matiyak na ito ay tumpak, napapanahon, kumpleto, may kaugnayan at hindi nakaliinlang, alinsunod sa anumang naaangkop na pagbubukod sa ilalim ng Privacy Act.



Kung hindi ka nasiyahan sa tugon na aming ibinigay, maaari kang magsumite ng pormal na aplikasyon para sa pag-access o pagwawasto ng personal na impormasyon sa ilalim ng Privacy Act.

### Paano ka makapagrereklamo tungkol sa aming mga privacy practice?

Kung nais mong magsumite ng reklamo tungkol sa aming mga privacy practice, dapat kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng:

- pagtawag sa amin sa 1800 200 422
- pagsulat ng mga reklamo at ipadala ito sa My Aged Care Complaints, PO Box 1237, Runaway Bay, QLD 4216.

Layunin naming tumugon sa iyong reklamo sa loob ng 30 na araw. Kung hindi ka nasiyahan sa aming tugon, maaari kang gumawa ng nakasulat na reklamo sa Privacy Commissioner. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Privacy Commissioner, tingnan ang [website ng Office of the Australian Information Commissioner](http://www.oaic.gov.au) [Opisina ng Komisyoner ng Impormasyon sa Australya] ([www.oaic.gov.au](http://www.oaic.gov.au)) o tumawag sa 1300 363 992 (lokal na singil sa tawag).

### Kontakin kami

Upang malaman ang higit pa tungkol sa kung paanong pamamahalaan ang personal na impormasyon, maaari mong kaming [Kontakin](#), o basahin ang [patakaran sa pagkapribado](#) na nag-aaplay sa Departamento sa pangkabuuan.